

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tumatanggap ang Lungsod ng 2022 Business Excellence Award para sa Brampton Transit

BRAMPTON, ON (Mayo 9, 2022) – Ang Brampton Board of Trade ay nag-host kamakailan sa 2022 Business Excellence Awards Gala nito, kung saan ang Lungsod ng Brampton ay tumanggap ng award para sa Brampton Transit sa ilalim ng kategoryang Smart Solutions para sa dedikasyon at trabaho nito na gawing de-kuryente ang fleet nito.

Ang Brampton Transit ay nakagawa ng ilang kapansin-pansing achievements, kabilang ang Phase 1 launch ng pagsubok sa Battery Electric Bus (BEB) nito bilang bahagi ng Pan-Canadian BEB Demonstration and Integration Trial, pagsuporta ng Konseho ng Lungsod ng Brampton sa ganap na de-kuryente na bagong pangatlong transit facility at pinakabago, kasunduan sa pananalapi sa Canada Infrastructure Bank (CIB), na magbibigay sa Brampton ng hanggang \$400M na pamumuhunan para suportahan ang pagbili ng hanggang 450 BEBs sa pagitan ngayon at sa 2027.

Kinikilala ng Smart Solutions ang mga organisasyon para sa achievement at kahusayan sa digital transformation. Kinilala ang Brampton Transit para sa pagtugon sa mga palagiang paglipat sa larangan ng transportasyon, sa pag-research, pagkatuklas at paggamit ng bago at inobatibong mga teknolohiya upang madagdagan ang kahusayan, magbigay ng value at ganap na mag-evolve para sa komunidad. [I-click dito para malaman ang mas marami pa.](#)

Mga Quote

“Ikinararantal ng Lungsod ng Brampton na makatanggap ng 2022 Business Excellence Award para sa Brampton Transit mula sa Brampton Board of Trade. Ang Brampton Transit ay isang lider sa digital na transpormasyon sa transit space, palaging nag-i-innovate at nagbibigay ng mahusay serbisyo para mapanatiling gumagalaw ang ating lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Salamat sa Brampton Board of Trade para sa pagkilala sa Brampton Transit sa ilalim ng kategorya ng Smart Solutions sa 2022 Business Excellence Awards. Hinuhubog ng ating transit system ang kinabukasan sa mga hakbang sa teknolohiya, nangunguna sa daan para sa ibang mga munisipalidad at ginagawa ang Brampton na mas magandang lugar para manirahan, pagtrabahuan at mag-enjoy.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Sa ngalan ng Brampton Transit, taos-puso akong nagpapasalamat sa Brampton Board of Trade para sa pagbibigay sa atin nton pagkilala sa Smart Solutions. Hindi kapani-niwalang proud ako sa ating team na patuloy na nagiging mga lider ng industriya – binabalanse ang paglago, digital innovation at pagiging sustainable sa kapaligiran habang hinahatid ang kahusayan sa serbisyo para sa ating mga kostumer. Habang hinihintay natin ang kinabukasan, umaasa tayo sa pagtutulungan ng lahat ng stakeholder tulad ng ating mga lokal na negosyo para makatulong sa paghubog kung paano tayo nag-evolve at nagde-deliver para sa ating komunidad. Salamat muli para karangalan na ito at hinihintay natin an gating patuloy na pagtutulungan.”

- *Alex Milojevic, General Manager, Brampton Transit, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Lungsod ay dedicated sa pagtugon sa palagiang mga pagbabago sa larangan ng transportasyon upang mananatili tayong handa sa kinabukasan. Committed tyo sa innovation, at ang Lungsod ng Brampton at ang Brampton Transit ary ipinagmamalaking makatanggap ng 2022 Business Excellence Award for Smart Solutions sa digital transformation.”

- Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca